makikita natin, kailangang huwag na nating ituloy ang pagsisimula, dahil marami ang ibig sabihin ng mga pangitaing ito. Halimbawa, kung ang labag (ibong nagbabadya ng pangitain) ay dumapo sa kinaroroonan mo habang nagkakaingin ka at madalang kung humuni at parang ipinupunas ang tuka, mas maganda na raw kung iiwanan mo na lang ang inuumpisahang kaingin dahil may mamamatay daw sa iyong mga kasambahay. Ganoon din kung may nakita kang daga na patay man o buhay, mas maganda raw kung iiwanan mo na 'yong kaingin mo dahil masasalot ang iyong kaingin. At kung habang lumalakad ka papuntang kaingin mu ay may labag sa kanan mu at saka mayroon na naman sa kaliwa at mayroon na naman sa kanan, ito'y nagbabadya ng magandang pangitain. Ituloy mo ang iyong pagkakaingin doon sa binabalak ng lugar. Ang ibig sabihin nito ay marami ang maaani dahil mababaluktot daw ang iyong pingga sa pagdadala ng iyong palay.

At kung maganda da na ang nakita mong pangitain ay tapusin mo na ang iyong kaingin hanggang sa laking gusto mo.

At pagkatapos n'yan ay maghintay ka na lang ng iyong kasabay sa pagsusunog dahil hindi maganda kung mauuna ka na lang na mag-isa dahil masasalot ang iyong pananim kung mauuna kang magtanim.

At kung tapos mo nang sunugin ang iyong kaingin, ang mga babae ay maghahanda na sila ng binhi. Maghahanap sila ng aglubi (isang uri ng damo na puwedeng pamuksa sa mga salot) at

ito'y kanilang isama sa binhi na kanilang itatago sa bumbong. Ilalagay nilang lahat ang binhi sa bumbong at kanilang mamarkahan.

Pagkatapos nilang ihanda ang binhi ay pupunta na silang magtanim ng kaunti sa hapon at sa kinabukasan maagang-maaga silang mag-uumpisa at hanggang sa madilim na ang kanilang pag-uwi. Ang lalaki naman ay susunugin niya ang mga labi ng unang pagsusunog niya sa kanyang kaingin.

Pagkatapos nilang magtanim, titingnan natin kung maari ng gamasin ang mga damo.

At pagkatapos magamasan ang buong kaingin ay kailangang bantayan natin baka may maraming hayop na sisira sa pananim at dapat na mapuksa ang mga ito.

At kung hinog na ang mga palay ay gagawa na tayo nga kubo na pag-iipunan ng maaani. Piliin natin ang paglalagyan natin ng kubo baka ito'y gumuho o kaya'y bahain kung umulan ng malakas.

At pagkatapos ay kukuha na tayo ng kawayang gagamiting pamigkis. Pagkatapos ay kukuha na tayo ng mga damong anting-anting at saka na tayo mag-uumpisang mag-ani. Kapag nakapagsimula na tayong mag-ani huwag na tayong magpapasok ng ibang tao sa bahay; at huwag din tayong magbigay ng kahit anong bagay sa iba hanggang sa lumipas ang tatlong araw.

Pagkatapos nating mag-ani ay iisipin na natin kung kailan

natin ibababa ang ani natin sa ating bahay. Samantala, maghahanda tayo ng uulamin at makakain, dahil hindi natin alam kung marami ang makikipagbayanihan sa pagdadala ng ani sa bahay. At kung marami sila ay magpapatay na lang tayo ng baboy. At halimbawa kung bukas na ang binabalak nating pagdadala ng mga palay sa bahay ay sasabihin na natin sa mga tao upang ang iba sa kanila ay pupunta na ngayon sa kaingin at bibigkisin nila ang mga palay ng tig-aapat na maliliit na bigkis ang bawat isang malaking bigkis. Kung tayo'y pupuntang magbikis ay kukuha muna tayo ng murang kawayan at gagawin nating pamigkis. Pagkatapos, bibilangin natin kung ilang bigkis lahat ang ani natin. Kinaumagahan magsasaing na tayo ng marami at magluluto ng uulamin ng mga tao at gagawa na rin tayo ng kape dahil marami ang darating na makikipagbayanihan lalong-lalo na kung mabait 'yong taong magdadala ng kanyang palay sa bahay niya. Maraming may gustong tumulong sa kanya.

Hindi ilalagay ang lahat ng palay sa kamalig. Magtatabi tayo ng mga ilang bigkis. Pero mas mabuti kung marami ang itatabi natin upang matagal na hindi tayo kukuha sa kamalig.

'Pag nadala na ang lahat ng palay, mamimili tayo ng magagandang butil at 'yon ang itatabi nating binhi. Ang mga palay na may buhok ay 'yon ang gagamitin nating panapin upang hindi lulusot ang mga palay kung sakaling may butas ang sahig ng kamalig. Isunod natin dito ang mga bigkis ng magagandang butil. Pagkatapos puwede na nating ilagay iyong mga iba.

Ang binhi ay huwag nating isama sa mga hindi binhi upang

hindi tayo mahirapan sa pagpili sa susunod na taon.

At kung maubos na 'yong itinabi nating palay ay kukuha na tayo sa kamalig sa unang pagkakataon. Kukuha muna tayo ng kaunti at ipatuyo at saka bayuhin kung gabi upang walang magpupunta sa atin at hindi madaling maubos ang palay natin. Kinabukasan ay kukuha na naman tayo ng marami-rami ng kaunti upang pakaunti-kaunting maubos ang palay natin kung hindi natin kakalimutan ang sinasabi ng mga ninuno natin. Kinabukasan na naman, maski marami na ang ilalabas sa kamalig dahil wala na ang bawal.

Ito ang sinusunod ng mga tao noon sa Dibagat kung sila'y magtatanim ng palay.

## Pagkatapos ng Paggagamas

Sinasabi ng mga ibang tao dito sa Pilipinas na tayong mga Isnag ay mga tamad daw. Pero ang alam ko'y hindi, dahil kaugalian lahat ng mga tao na may oras para sa kanilang pamamahinga at may oras din ang pagtatrabaho. Masasabi kong tayo, ay wala tayong maraming inaaksayang oras sa mga araw at mga araw sa isang linggo at mga linggo sa isang buwan.

Masasabi ko ito dahil kapag nag-umpisa ang isang Isnag sa trabaho sa bukid ay hindi maaring wala siyang daratnang trabaho sa bahay. Maski pagod na o kaya'y gabi na ay gusto pa niya kung mayroon pa siyang gagawin.

At kung maaga tayong matapos sa mga trabaho sa ating mga kaingin ay marami rin tayong gagawin. Ang sinasabi nating dawdawat ay ang panahong pamamalagi natin sa bahay upang gumawa ng mga gawaing pambahay. Ang mga babae ay kukuha sila ng mga buhong mahahaba ang pagitan ng buko at maliliit din at titilarin nila ito at gagawin nilang manipis at malalaki ayon sa kanilang gusto. Batay din sa paggagamitan nila. Kagaya ng bako, bilao, salakot at mga maliliit at malalim na bakol. At kaming mga lalaki naman ay tutulong kami sa kanila sa pagkuha ng mga uway na para sa puwit ng bakol at para sa bibig din ng bakol dahil mahirap kumuha ng uway at hindi nila kaya dahil mga babae nga sila. Ang mga ibang ginagawa nila ay banig at sumbrero. Ang mga ito ay mayayari sa ibinilad na pandan.

Ganoon din sa mga lalaki; kung tapos na ang kanilang trabaho sa kaingin nila, marami rin kaming gagawin kapag tapos na ang paggamas sa kaingin. Gagawa kami ng baraba (panghuli ng mga hipon), udag (panghuli ng igat) at gagawa rin kami ng talliyang (panghuli ng isda na tinik ng uway ang ginagamit). Gagawa rin kami ng pising gagamitin sa bitag na ilalagay namin sa palibot ng kaingin kung tag-ani.

Ito rin ang panahon naming magtroso kung mayroon sa amin ang gustong gumawa ng bahay. Sa pagtotroso namin ay may tatlong paraan. May magbabayanihan na mag-aanyaya ng maraming taong tutulong. At 'yong taong magpapatulong ay magpapatay ng aso o kaya'y baboy o kaya'y baka, lalo na kung marami ang tao o kaya'y mahirap ang kanyang ipagagawa.

Ang ikalawa ay magtutulungan kami. Ito ay ayon sa mga may gustong gumawa ng bahay. Pag-uusapan namin kung sino ang uunahin naming tulungan at doon na rin kami kakain. Hindi kami titigil hanggang sa matapos 'yong huling magpapagawa ng bahay niya.

At ang isa rin gagawin namin ay mangungupa kami. Titingnan namin ang pangangailangan ng mga ibang tao. Ang gagawa nito ay ang mga taong mabuti ang kanilang pamumuhay. At kung iyong taong magtatrabaho ay walang makakain ay bigas o kaya'y palay ang ibibigay ng mangungupa.

Ito ang kagawian natin pagkatapos ng paggamas sa kaingin.

## Ang Kagawian ng mga Isnag sa Panliligaw at Pag-aasawa

Ang unang gagawin ng isang lalaking manliligaw ay dapat niyang piliin ang dalagang sa kanya'y katangi-tangi. Dapat din niyang pagmasdang mabuti ang kanyang ugali kung ito'y maganda. Kahit ang kanyang pagkatao ay dapat din niyang subaybayan.

At kung makakakita na siya ng karapatdapat sa kanya ay susubukin na niyang kausapin ang dalagang nagustuhan niya. Sasabihin niya ang kanyang pagmamahal sa dalaga.

At kung sakaling gusto rin ng babae ang lalaki ay hindi rin siya iiwas sa lalaki. Haharapin din niyang palagi kung pupunta ang lalaki sa bahay nila. Kung minsan magdamag silang dalawa dahil hindi patutulugin ng lalaki ang babae. Ganyan lagi hanggang sa ipahihintulot na ng babae na maaari na silang magtabi sa tulugan.

At kung nagtatabi na sila sa tulugan, ang pag-uusapan na naman nila ay kung sino sa kanilang dalawa ang may gustong tumira sa bahay ng isa isa sa kanila. Matagal na naman ang pag-uusap nilang dalawa tungkol dito. Kung minsan, aabutin ng isang taon bago ang isa sa kanila'y sasang-ayon na titira sa bahay ng isa.

At kung alam na nila kung sino sa kanilang dalawa ang may gustong tumira sa bahay ng isa ay tatahimik na silang dalawa. Matutulog na sila ng mahimbing.

At kapag sinabi na ng dalaga ang kasunduan nilang

magkasintahan ay pag-uusapan na nilang mag-anak. At kung sang-ayon silang lahat ay sasabihin sa lalaki na sila'y maaari nang mamahikan.

Ang gagawin na ng lalaki ay aanyayahan niya ang kanyang mga kamag-anak dahil baka mayroon sa kanila ang gustong magtanggol sa kanya sa mga sasabihin ng mga kamag-anak ng babae. Mag-aanyaya rin siya ng mga matatandang lalaki na mahusay makipagbalagtas at sila ang kanyang tagapagsalita.

At kung sila'y patungo na sa bahay ng babae, ang mauuna ay iyong tinatawag nilang patugaw, siya ang magdadala ng abaloryo at suman. Susundan siya ng maraming taong sasama sa kanila. Sasama na rin 'yong lalaking mag-aasawa.

Pagdating nilang lahat sa bahay ng babae ay papasok silang lahat. Ibibigay ng patugaw iyong dala-dala niyang suman sa mga kamag-anak ng babae.

At pagkatapos nilang kainin 'yon ay hihingin na ng ama ng babae ang abaloryo, at ilalapag ng ina ng lalaki ang abaloryo sa sahig. At titingnan ng mga kamag-anak ng babae.

At kung maghahating-gabi na ay uumpisahan na ng ama ng babae ang makipag-usap at magtanong sa mga kasama ng lalaking mag-aasawa. Ang tagapagsalita sa panig ng lalaki ay magpapakilala at siya ang sasagot sa sasabihin ng ama ng babae. Ang mangyayari'y magsasagutan ang magkabilang panig ng

masasakit na salita. Kung minsan magkakaroon sila ng samaan ng loob, dahil hihingi na ng dote ang ama ng babae sa mga kamag-anak ng lalaki ay papag-asawahin na nila ang dalawa.

At pagkatapos ay sasama na rin ang mga magulang ng babae upang kunin ang dote ng lalaki. Magdadala na rin sila ng baboy dahil ito ang kanilang kaparaanan ng pagkuha sa dote. Magdadala rin sila ng palitaw at ilalagay nila sa bakol. Magbabayad ang mga kukuha doon sa mga bakol ng may lamang palitaw. Babayaran din nila ang hati nila sa baboy. Hindi puwedeng kakain ang mga kamag-anak ng babae doon sa baboy dahil bawal sa kanila.

Kung uuwi na sila sa kanilang mga bahay ay maiiwan na ang babae kung ito'y napasang-ayon ng lalaki na siya ang titira sa bahay nila. Dito sila maninirahan habang buhay. Pero kung mauunang mamatay ang lalaki, maaaring bumalik ang babae sa kanyang mga magulang kung gusto niya. Mabuti rin kung gusto niya ang tumira sa bahay ng asawa niya.

Ito ang kagawian ng mga Isnag sa pag-aasawa. Kailangang magbigay ng dote ang lalaki at kailangang magbigay ng baboy ang babae.

Ang Kagawian nating mga Isnag Tungkol sa Maysakit,  
sa Patay at sa Paglilibing

Ang kagawian nating mga Isnag kung mayroong magkasakit o kaya'y lalagnatin lang sa kasambahay natin ay agad-agad tayong tatawag ng albularyo. Pagdating ng albularyo ay huhuli sila ng manok at kanilang takpan ng bakol sa tabi ng pintuan. Pagkatapos ay maglatag sila ng banig doon sa tabi niya at doon tatayo 'yong albularyo. At pagkatapos nilang maglatag, tatayo na 'yong albularyo doon sa banig at saka na siya makikipag-usap sa mga masasamang espiritu.

Pagkatapos niya, ay paupuin niya 'yong maysakit doon sa banig at saka niya hahaguran ng langis ang likod niya at saka niya tatawagin ang kanyang kaluluwa sa pamamagitan ng pagkalansing niya doon sa maliit ng mangkok sa tapat ng ulo ng maysakit. Pagkatapos na naman n'yan, ay lalaslasi ang bunganga ng manok hanggang sa tainga at saka na nila patayin. Ibibigay nila sa albularyo 'yong mga hita at atay at 'yon ang kanyang iluluto dahil magkakasakit daw kung hindi niya gagawin ito. Magbabayad din sila sa albularyo. Puwede maski anong maibibigay nila; gaya ng damit, abaloryo, itak o kaya'y mga ibang kasangkapang maibibigay nila.

At kung hindi pa lalakas, ay hihimukin nila ng magpungtu (papatay sila ng isang baboy at isang aso) at sasabihin sa maysakit, "Huwag ka munang mamamatay at magkakaroon tayo ng handaan." At saka sila papatay ng isang baboy at isang aso. At saka sila tatawag na naman ng albularyo at saka mag-aanyaya

na rin sila ng mga taong kasama nilang kakain at iinom ng alak. Ganyan ang paggamot nating mga Isnag kung mayroon sa atin ang maysakit.

At kung tungkol naman sa mga sugat sa katawan natin, mayroon din tayong alam na mga gamot noon. Magagamot din natin ang pagdugo ng mga sugat; nilalagyan nila ng nginatngat na tabako o kaya'y dinurog na damo o kaya'y sinunog na buhok o kaya'y iihian nila. Totoong titigil ang pagdugo ng sugat pero masyadong masakit at masyadong mahapdi.

At kung mayroon namang mapilayan ay hihilutin nila at lalagyan nila ng langis at saka nila babalutin ng dahon ng tawwa at saka mga iba pang alam nilang gamot.

Pero ngayong mga araw mayroon sa atin ang hindi na sumusunod dito, dahil mayroon ng mga iba na nakapag-aral na ng kaunti at mayroon na ring mga kristiyanong nakakakilala sa Dios. At marami na ring mga gamot na binibili kung kaya't sila na ay napupunta sa ospital o kaya'y idadalangin na lang nila ang maysakit.

At kung may namamatay, agad-agad nating paliliguan at saka natin palitan ang kanyang damit at saka natin iburol sa tapat ng gitnang haligi ng bahay. At saka tayo maglalamay ng dalawa hanggang limang gabi, at kung minsan hanggang sa ito'y nangangamoy. Gagawa na rin tayo ng kabaong. Pagkatapos ilalagay na natin 'yong bankay. Sa paglalamay sa patay, tayo'y magtunggali sa lakas ng braso o kaya'y mapapaluan tayong mga

lalaki sa hita. At kung ang namatay ay may asawa, kailangang maglambong ang asawa niya kung lalaki ang patay. At kung ang patay ay babae hindi kinakailangang gawin ng lalaki ito kung ayaw niya.

Pagkatapos ng libing tayo'y papatay ng aso pagkagaling sa libingan at tayo'y magbabang-luksa na para wala nang bawal, kung ito ang gusto natin. Kung hindi, tayo'y magbabang-luksa kung siyam na araw na 'yong inilibing. Lalagyan nilang lagi ang puntod ng patay hanggang sa ika siyam na gabi at saka rin sila magtatabi ng kanyang pagkain kapag sila'y kakain. Magpapatay sila ng aso o kaya'y baboy kung ito ang kaya nila o kaya'y magkakaroon sila ng malaking handaan. At dito magtatapos na rin ang pagluluksa ng balo. Papalitan na rin nila 'yong kanyang damit panluksa upang magsaya na rin siya. Pagkatapos nito ay maari siyang bumalik sa kanyang mga magulang kung gusto niya. Wala na ring ipagbabawal sa bahay na yaon. Kung minsan matagal bago tayo magbabang luksa; aabutin ng isa hanggang tatlong taon.

Mayroon din tayong kaugalian na mag-ayuno ang balo, at ito'y batay din sa kagustuhan nila, kung matagal o hindi.

Kung gusto rin nila ay walang maaaring pumasok sa bahay maski sino. At kung may magkakamaling pumasok, pagbabayaran nila ito.

## Pag-aayuno

Sa aming mga Isnag may mga taong labis ang pagdadalamhati kung may mamamatay sa kanila. Kaya kung puwede lamang ay mamamatay na rin silang katulad ng namatay na kasambahay nila. At kung hindi nila magawa ang magpakamatay ay hindi sila kakain ng mga pangunahing pagkain maski sa loob ng maraming araw o buwan. At ang tawag dito ay mag-ayuno. Ang sinasabi naming ayuno ay may iba-ibang uri. Kagaya ng hindi kakain ng kanin, hindi maliligo o kaya'y hindi magpapagupit. At kung gusto na naming tigilan ang pag-aayuno ay magpapatay kami ng maski anong uri ng hayop at ang tawag dito ay magubobat. Ito ang pag-aalis namin sa mga minasama namin dahil doon sa namatay na kasambahay namin.

## Ang Pinaniniwalaan nating mga Isnag

Noong unang panahon ay nilalang ng Dios ang lahat ng narito sa mundo. Nilalang niya ang tao ayon sa kanyang anyo at nilalang din niya ang mga anghel at lahat ng makikita nating narito sa lupa.

Ngunit masama rin ang nanyari nang dumami ang mga tao dito sa mundo dahil maraming nangyayari sa kanila. Marami rin ang mga marunong magligaw sa mga tao.

Yaong mga iba ay sumasamba sa mga imaheng yari sa ginto, at iyong mga iba naman ay sumasamba sa mga taong katulad nila. At mayroon mga iba rin na sumasamba sa mga espiritu. At mayroon ding mga sumasamba sa Dios. Ganyan ang nanyari sa mga ninuno natin.

Ang pagsasamba sa mga masamang espiritu ang hindi natin makalimutan. Ito ang naipamana sa ating mga Isnag. Dahil ito ang pinahalagahan ng ating mga ninuno dahil sila ang itinuring nilang panginoon nila. Wala akong gaanong masasabi tungkol dito dahil parang mabuti at para ring masama ang nanyari sa ating mga ninuno dahil nga sa ito ang alam nilang sambahin. Dahil kung may magkakasakit sa kanila ay dali-dali silang pupuntang mag-anyaya ng albularyong makikipag-usap sa mga masamang espiritu. At dahil mahalaga rin sa mga albularyong ito ang mga masamang espiritu, kaya agad-agad din silang sasama doon sa mag-aanyaya sa kanila dahil iba-iba na rin ang kanilang sadya. Nasa kanila ang pagnanais na gumamot sa maysakit at ang pagnanais din nilang mabayaran at saka 'yong hati nila sa hayop

na kakatayin nila sa kanyang paggagamot na ito rin ang ipasasalubong nila sa kanilang mga kasambahay.

Ngunit ngayon, dahil hindi na rin gaanong kakaunti ang nalalaman natin at saka alam na rin nating pag-ibahin ang masama at ang mabuti ay kailangang kalimutan na natin ang mga 'yan sa mga panahong ito. Dahil kung ito pa rin ang pahahalagahan natin ay wala tayong kinabukasan dahil lilinlangin lamang tayo ng mga masasamang espiritu. Marami silang panunuyo sa atin kung kailangan nila ang ating mga alagang hayop. Dahil alam nilang susuko tayo sa kanilang mga kagustuhan. Kaya ang mangyayari sa atin ay malaking pag-aaksaya. Magbabayad tayo at marami rin ang papatayin natin sa mga alaga nating hayop dahil sa paniniwala natin sa kanila.

Kaya ngayong alam na natin ang mabuti at masama, kailangang pag-isipan natin ang mga ginagawa natin para huwag tayong kawawang nag-aaksaya lamang dahil sa mga walang kabuluhang bagay. Kaya ang masasabi ku ay kalimutan na sana natin ang ganyang paniniwala dahil wala rin tayong magandang kinabukasan kung 'yan lagi nating susundin ang mga masamang espiritung nagpapahirap sa ating mga Isnag.

Kailangang tingnan nating mabuti ang para sa kabutihan natin upang huwag tayong maligaw at huwag tayong mapasubo sa mga nagpapanggap na panginoon maski mali naman ang kanilang karunungan. Hindi sila ang maghihirap kundi tayo kung pahahalagahan natin sila.

Pero kung lalayuan na natin ang mga iyan ay kailangang mayroon tayong ipapalit. Dahil kung wala tayong ipapalit kung lalayuan natin ang mga masasamang espiritung 'yan ay nakakatakot dahil hindi nila tayo lalayuan. Dahil nga sa wala silang ikakatakot. Pero kung lalayuan natin ang mga masamang espiritung 'yan ay kailangang angkinin natin si Jesus-Cristo bilang Panginoon dahil siya lamang ang may kayang magpapasuko sa kanila. Wala sa kanila ang makakalupig kay Jesu-Cristo dahil siya lamang ang Panginoon sa lahat kaya kailangang angkinin natin siya bilang Panginoon dahil siya ang puwedeng bumuhay sa atin magpakailan pa man. Kukunin niya tayo sa kanyang kinaroroonan kung sasampalataya tayo sa kanya. Kukunin niya tayo kung siya'y babalik na muli.

## Ang Pangangaso

Tayong mga Isnag, kung gusto nating sanayin ang mga aso natin sa pangangaso ay ganito ang gagawin natin. Kapag inumpisahan natin ang magsanay sa aso natin, huwag na nating tigilan hanggang sa makahuli tayo ng baboy-damo o kaya'y usa sa pamamagitan ng asong sinasanay natin. Dahil kung matitigilan, ay hindi gaanong masipag ang aso sa pagsasama sa nagsasanay sa kanya.

At kung makahuli na sila ay hindi na gaanong mahirap dahil alam na ng mga aso ang gagawin nila.

Ang kabutihan nitong ugali nating ito ay hindi na tayo gaanong magpapakahirap sa paghuhuli sa mga baboy-damo at mga usa. Dahil kung pupunta tayo sa kagubatan at may suwerte tayo at saka matapang din ang mga aso natin ay para lamang tayong kukuha ng mga gulay na igugulay natin. Para lamang tayong naglalaro. Kaya masasabi kong maganda itong ginagawa nating mga Isnag.

Huwag nating kalimutan ito dahil malaki ang maitutulong nito sa atin.

At ito ang panghuli ng mga hayop sa gubat na walang batas ang ating pamahalaan na nagbabawal dito sa paraang ito. Libre tayong mangaso basta maganda ang pangangaso natin. At kung

masama ang pangangaso natin ay masama rin ang mangyayari sa atin. Darating ang gulo sa atin. Kaya kailangang maganda ang pangangaso natin upang walang mangyayari sa ating masama habang nabubuhay tayo.

## Ang Paggawa ng Asag\*

Kung tag-araw at may balak kaming gumawa ng asag ay pag-usapan pa namin kung papaano ang gagawin namin.

Pag-uusapan namin kung saan kami kukuha ng maraming kahoy na gagamitin namin at saka uway at kawayan. Itong pag-uusap namin ay itatala na rin namin ang pangalan ng mga gustong sumapi sa paggawa ng asag. Ililista rin namin ang mga bagay na dapat kunin ng bawat isa sa amin na gagamitin. Itatala rin namin ang araw ng pagtatrabaho ng bawat isang kasapi upang alam namin ang paghahati-hati ng isdang makukuha namin. Ang talaang ito ay bahawakan ng pinuno sa paggawa ng asag dahil kailangan naroon lagi hanggang sa matapos ang asag dahil siya ang magtuturo sa paggawa dahil kung hindi mahusay ang paggawa ng iba sa amin ay walang mahuhuling isda at saka madali ring maanod.

At kung mayroon na ang lahat ng gagamitin ay itatayo na namin ang balangkas. Ang lugar ng paggagawan namin ay sa may malakas na agos ng tubig at maraming bato para marami kaming gagamitin sa darayday (magkabilang tambak sa puno ng asag); at upang marami kaming gagamiting pang-alalay sa haligi ng asag. Sa aming paggawa ay may kanya-kanyang trabaho ang bawat isa sa amin at 'yon lamang ang gagawin ng bawat isa sa amin para maganda ang kalalabasan. At iyong mga walang nalalaman tungkol sa paggawa ng asag ay sila ang maghahakot ng mga batong kailangan sa darayday at pang-alalay sa haligi. Pagkatapos ay gagawa kami ng maliit ng silungan namin sa tabi ng ilog at ito ang titirahan ng mga magbabantay sa asag.

At kapag lumaki ang ilog ay mayroon na ring mga kukuha sa mga isdang mahuhuli sa asag at ang mga makukuha nila ay paghahatihatian nila at bibigyan nila kaming lahat na tumulong sa paggawa ng asag.

At kung maraming beses na rin kaming nabigyan ng bahagi namin ay bibigyan na rin namin maski 'yong mga hindi kasapi lalo na 'yong mga pupunta ring tumulong sa pagkuha sa mga mahuhuling isda sa asag.

At halimbawang lumaki ang tubig at may nasira sa asag ay gagawin namin kung liliit ang tubig. Pero kung masyadong malaki ang nasira ay hindi na namin gagawin dahil hindi na namin puwedeng gawin dahil sa malaking tubig, lalo na kung walang tigil ang ulan sa gabi.

\* Isang uri ng panghuli ng isda. Tingnan ang larawan sa bahaging Isnag.

## Ang Pagbabalatik sa Kagubatan

Noong unang araw ay maraming ipinaalam ang Dios sa mga ninuno natin. Ipinaalam niya rin ang tungkol sa paghuhuli ng mga hayop sa gubat. Kaya mayroon akong gustong ipaala-ala sa atin.

Noong unang panahon, pinagkalooban ng Dios ang ating mga ninuno ng talino sa paggawa ng balatik.

Ngayon, kung may mga gustong magpunta upang gumawa ng balatik sa kagubatan ay magkakaroon ng tipanan ang lahat ng may gustong sumamang gumawa ng balatik. At ganito ang gagawin nila: Tatlong araw o kaya'y dalawa bago sila magmatyag ng mga pangitain ay pupunta muna silang manguha ng litu (isang uri ng baging na puwedeng panali) para nakahanda na dahil ito ang mahirap na hanapin sa kagubatan. At kung maremi na silang nakuhang litu ay iiwanan nila sa tabi ng daan sa parang na dadaanan nila. Dadaanan na lang nila ito kung pupunta na sila dahil ayaw nilang ipasok ito sa kanilang bahay dahil baka mag-iihaw ng karne ang isa sa kanilang kasambahay o kaya'y may lulutuin sila sa kawayan ay magiging malas 'yong litu nila at 'pag nangyari ito ay papalitan nila ang nakuha na nilang litu at maaantala na naman sila sa kanilang balak ng pag-alis dahil masama sa kanila 'yan.

At kung pupunta na sila ay mauuna 'yong parang pinuno nila

dahil siya ang magtuturo sa mga nakababatang kasama niya. At kung nakalayo na sila ng kaunti ay magpapahuli na naman ang kanilang pinuno dahil maghahandog siya ng nganga sa mga hindi nakikita para hindi raw sasama ang mga hindi nakikitang ito na magbibiro sa kanila. At pagkatapos niyang maghahandog ay mauuna na naman siya dahil siya ang makikinig sa huni ng labag (ibong nagbabadya ng maganda at masamang pangitain). At kung nagkataong may humuning ibong labag sa kaliwa at mayroon na naman sa kanan at mayroon na naman sa kaliwa at wala na ring aantala sa kanila hanggang sa dumating sila sa paggagawan nila ng kanilang kubo ay iyan ang gusto ng kanilang pinuno.

Sa daan nilang papunta sa kagubatan, sila'y kukuha na rin ng buhong gagawin nilang sibat ng balatik, upang hindi na sila maaantala kung nag-umpisa na silang gumawa ng balatik.

At kung mag-uumpisa na silang gumawa ng balatik ay maghahandog na 'yong pinuno nila ng nganga sa mga masamang espiritu. At 'yong mga kasama niya ay tutulisan nila 'yong buho na gagamiting sibat ng balatik habang naghihintay sila sa kanilang pinunong naghahandog.

At kapag tapos na ang pinuno nila ay siya ang mauunang gagawa ng balatik at 'yong mga kasama niya ay gagawa na rin sila ng kani-kanilang balatik hanggang sa gusto nila.

At pagkalipas ng tatlong araw at dumating na sila doon sa gusto nilang hangganan no'ng mga balatik nila, ay titigil na sila sa paggawa ng balatik. Magpapahinga sila ng isang araw at sa kinaumagahan, titingnan nilang lahat 'yong mga ginawa nilang

balatik. At kung tapos na nilang tingnan lahat ay puwede na silang umuwi sa kani-kanilang mga bahay dahil wala na silang iiwasan dahil wala na silang gaanong mamasamain tungkol sa kanilang balatik, dahil kung hindi pa nila tiningnan lahat ang kanilang mga balatik at halimbawa'y makakarinig sila ng namatay ay masama raw 'yon dahil malas sa kanilang balatik dahil wala silang makukuha maski maganda 'yong una nilang pangitain.

At kung may mahuhuli sila sa una nilang pagpuntang muli, hindi sila magbibigay kahit kanino dahil masama pa raw. Masama raw ito sa kanila dahil ito ang unang-una nilang nakuha.

'Yan ang kagawian ng mga ating ninuno kung gagawa sila ng balatik.